



PROLOGUE

Nang mabasa ang text message mula sa boyfriend na si JC, alam na ni Rowan ang ginawa ng lalaki.

Nagmadali siya pababa ng bahay nila at tumawid papunta sa bahay nito. Wala roon ang boyfriend pero alam naman niya kung nasaan ito. Nagpasama siya sa mga magulang ni JC para puntahan ang binata. Along with the numb disbelief, the searing pain and the helpless grief, was that tiny spark of hope that they'd make it to him in time. But Rowan knew that hope was the most painful of all emotions.

Wala pang dalawampung minuto, narating na nila ang viewdeck na paborito nilang puntahan ni JC. Gaya ng napakaraming viewdecks sa Tagaytay, tanaw mula roon ang Taal Volcano.

Isang gabing bilog ang buwan, na tila sinabuyan ng mga diamante ang kalangitan, sinabi ni JC sa kanya sa kauna-unahang pagkakataon na mahal

siya nito.

Walang buwan ngayon pero tila sinabuyan ng mga diamante ang langit. Inulit ni JC na mahal siya nito, dito rin mismo sa lugar na ito bago siya nito inihatid sa bahay.

Pero siguro hindi sapat ang pagmamahal nito para sa kanya—o ang pagmamahal niya para rito—para lumaban pa ang lalaki.

Hindi sapat si Rowan.

Bumaba ng sasakyan ang mga magulang ni JC at patakpong lumapit sa kotse ng lalaki na nakaparada malapit sa gilid ng bangin. Mas mabagal ang paglapit ni Rowan dahil hindi niya alam kung kakayanin niyang makita ang alam niyang makikita niya.

Huminto siya sa paglalakad nang buksan ni Tito Vic ang pinto ng kotse at narinig niya ang sigaw ni Tita Mira. Hinila ng ama nito si JC mula sa driver's seat saka ito napaluhod sa damuhan habang yakap ang anak.

Hindi makalapit si Rowan. Pinanood lang niya ang pagdadalamhati ng dalawa. Hindi siya makakilos maging nang lampasan siya ng nagmamadaling emergency personnel na tinawagan na niya kanina bago pa sila umalis ng bahay ng nobyo. Hindi niya namalayan ang pagdating ng mga ito o ang ingay ng ambulansya sa likuran niya.

Lumapit sa mag-anak ang mga lalaking may dalang stretcher. Inihiga ng mga ito si JC sa damuhan at sinimulan ang CPR. Pero alam naman na ni Rowan.

Alam na niya...

Beneath a sky filled with stars that seemed to twinkle with cruel glee as her world shattered, Rowan fell to her knees.



Nakaupo sa may bintana si Aiden, nakatingin sa labas, sa mga sasakyang walang patid na bumabaybay sa kalsada, sakay ang mga taong may kanya-kanyang buhay, kanya-kanyang mga hinaharap, kanya-kanyang problema. Ilan kaya sa kanila ang tulad ni Aiden na may mabigat na dinadala? He doubted they were facing anything like what he was facing.

Because he was dying.

Congenital Heart Disease. That was a term he had been familiar with his whole life. Matapos ang ilang operasyon, ilang milyong pisong halaga ng medical care at gamot, ilang oras ng dasal, pag-asa at pagdurusa, the damn disease was still going to kill him. Iyon ay kung hindi sila makahanap ng heart donor sa lalong madaling panahon.

Bumuntong-hininga siya. Matapos ang hindi na niya mabilang na heart operations, matapos ang ilang araw, linggo, buwan, sa ospital, pagod na pagod na si Aiden. Ang totoo ay nawawalan na siya ng pag-asa. He had thought, for the longest time, that it would be easier for him, and for everybody who loved him, if they just all gave up and let him rest in peace.

Literally.

Hindi siya lumingon nang may kumatok sa pinto. Malamang mommy niya iyon na may dalang almusal. Sawa na kasi siya sa almusal ng ospital.


“Aiden?” tawag ng tinig ng isang lalaki.

Noon siya lumingon, saka tumayo nang makita ang doktor niya. Hindi ito dumadalaw nang ganoon kaaga.

Unless...

“Dr. Romualdez. Good morning po.”

“Good morning.” Sumenyas ito at naupo siyang muli. Naupo ito sa tapat niya. “Aiden, listen,” anang doktor na hindi inaalís ang tingin sa kanya. “We found you a heart donor.”

A decorative wreath frame made of intricate black scrollwork and floral patterns, surrounding the text "CHAPTER 1".

CHAPTER 1

Tnihinto ni Aiden ang kotse sa tapat ng isang malaking bahay sa loob ng isang marangyang subdibisyon sa Tagaytay. Tiningnan niyang muli ang address na nasa telepono para masigurong nasa tamang lugar siya kahit pa doon na siya mismo dinala ng GPS app niya. Kinakabahan kasi siya.

One year ago, he had an operation that saved his life, an operation that had only been possible because this family had lost their son.

Noon pa man alam na niyang gusto niyang makilala ang pamilya ng taong nag-donate sa kanya ng puso. Ang pumigil lang sa kanya ay ang takot na baka mas makasakit siya kung bigla na lang siyang pumunta roon para magpakilala.

Naglakas-loob lang si Aiden six months ago. Nakuha ng abogado niya ang pangalan ng heart donor niya. Hiniling na rin niya na kontakin nito ang pamilya ng lalaki kung papayag ba ang mga ito na makilala siya. At kung hindi, ipinasabi na lang niya

sa mga magulang ni JC Cardenas na nagpapasalamat siya para sa ikalawang buhay na ibinigay sa kanya ng lalaki.

Kahit pa hiniling at ipinagdasal ito ni Aiden, hindi niya inasahang makakatanggap siya ng sagot mula sa mag-anak, o na gusto siyang makilala ng mga ito.

Halos isang oras yata niyang tiningnan ang ipinadalang sulat ni Mrs. Cardenas sa abogado niya na iniimbitahan siyang pumunta sa bahay ng mga ito sa Tagaytay.

Please tell Aiden that we would be delighted to meet him and that he will always be welcome here.

He could feel the warmth and the sincerity in JC's mother's words through the letter. Doon pa lang, nadama na niya ang pagtanggap ng mga ito sa kanya.

Agad siyang nagpadala ng reply na tatanggapin niya ang imbitasyon, and a week later, here he was.

Pinatay ni Aiden ang makina ng sasakyan saka siya bumaba ng kotse.

Malaki ang bahay. Halatang maykaya ang pamilya na napag-alaman niyang may-ari ng isang sikat na restaurant chain sa Tagaytay.

Hindi niya maipaliwanag ang nadarama niyang compulsion na makita at makilala ang mga ito. It was more than being grateful. He wanted to be accepted by them. He wanted them to see that he was a good person, worthy of their son's heart.

Huminga siya nang malalim saka pinindot ang

doorbell sa gate. Sandali lang siya naghintay bago bumukas ang front door at sumilip ang isang babaeng siguro ay nasa early fifties. Medyo may kaliitan ito, nakabestida, may manipis na makeup sa mukha at naka-ponytail ang unat na buhok. Hindi alam ni Aiden kung paano niya nalaman pero sigurado niyang ito ang ina ni JC.

Nagkatinginan lang sila pero umangat na sa bibig ni Mrs. Cardenas ang mga kamay nito at nakita niyang namuo ang luha sa mga mata ng babae.

Isang lalaki ang sumunod dito. Matangkad, may hitsura rin at makisig pa rin ang pangangatawan sa kabila ng edad na siguro ay nasa late fifties naman. Gaya ni Mrs. Cardenas, natigilan ito nang makita siya. Inabot nito ang mga balikat ng asawa para pisilin ang mga iyon bago ito bumaba ng mga baitang at lumapit sa gate.

Muling huminga nang malalim si Aiden. “Good afternoon po, sir.”

“Good afternoon,” bati rin ng lalaking nagmadaling magbukas ng gate. “Ikaw si Aiden, ano?”

“Opo.” Kinakabahan talaga siya.

Nang bukas na ang gate, nakipagtitigan lang siya kay Mr. Cardenas. Hindi rin kasi niya alam ang gagawin. Pero inabot ni Mr. Cardenas ang isang kamay sa kanya at tinanggap niya iyon.

“Ako ang daddy ni JC.”

Alam niya. Nararamdaman ni Aiden. “It’s a pleasure to meet you, sir.”

Lumapit na rin ang mommy ni JC pero di gaya ng asawa, inabot siya nito at mahigpit na niyakap. Maingat niyang ibinalot ang mga braso rito nang magsimulang humagulgol ang babae na nakadikit sa dibdib niya ang tainga. Dahil maliit ito, eksakto ang ulo nito sa puso niya. Noon niya napagtantong naririnig ng babae na tumitibok sa dibdib niya ang puso ng yumao nitong anak.

He held her close and let her cry against his chest. Lumapit nang muli ang asawa nito para hagurin ang likod ng babae. It took several minutes before she could pull herself together. Suminghot ang babae at bumitiw sa kanya.

“I’m sorry, Aiden. Iniyakan naman kaagad kita. Ako nga pala ang mommy ni JC. You may call me Tita Mira.”

“It’s a pleasure to meet you, ma’am.”

Kinuha nito ang braso niya. Giniya siya papasok ng bahay ng mga Cardenas kung saan siya sinalubong ng isang magkapareha. Ipinakilala siya ng mga magulang ni JC sa ate nito na si Julie at sa asawa ng babae na si Liam.

Naupo siya sa arm chair at tinanggap ang baso ng juice na inabot sa kanya ni Mrs. Cardenas.

“Kumusta ka na?” tanong nito nang makaupo na rin. “Wala naman bang naging problema sa heart operation mo?”

Automatic na umakyat sa dibdib ni Aiden ang isa niyang palad. “Wala naman po. Mabilis naman po akong naka-recover. Wala pa pong six months,

okay na po ako.”

Nakita niyang pinisil ng babae ang kamay ng asawa. “Ano ba’ng sakit mo noon?”

“Congenital heart disease po. Ipinanganak po akong may butas sa puso. Nagamot naman po ako n’ung baby ako pero buong buhay ko na, may mga problema. Hanggang ‘yun nga po, kinailangan ko na ng heart transplant.”

Ibinaba niya ang hawak na baso sa coaster sa center table saka isa-isang tiningnan ang mag-anak. “Hindi ko po alam kung paano ipapaliwanag ‘yung nararamdaman ko ngayon. Kasi po utang ko sa anak ninyo ‘yung buhay ko at ipinapagpapasalamat ko ‘yun. Kaya lang alam ko rin po kasi ‘yung naging kapalit nito sa inyo.”

Nagsimulang umiyak si Mrs. Cardenas at nagpunas na ng luha ang asawa nito. Sa tapat niya, hinawakan na ni Kuya Liam ang balikat ni Ate Julie na lumuluha na rin.

Nagpatuloy si Aiden. “Gusto ko po kasi talaga kayong makilala kaya nagbakasakali po ako. Ayoko naman po kasing bigla na lang akong pumunta rito kasi baka ayaw po ninyo. Wala naman po kasi akong puwedeng sabihin para mabawasan ‘yung sakit na naramdaman n’yo. Hindi rin naman po ako nagpunta rito para punan ‘yun. Wala naman po akong ibang intensyon. Gusto ko lang po talagang magpasalamat.” Inangat ni Aiden sa dibdib ang isang kamay saka siya ngumiti. “Galing po sa puso namin ni JC.”

Inabot ni Mr. Cardenas ang balikat niya at tumango ito.

“We appreciate it,” sabi ng lalaki. “At gusto rin naming malaman mo na may pamilya ka rin dito sa ‘min.”

“Salamat po, sir.”

Suminghot si Mrs. Cardenas pero may maliit na ngiti na sa mga labi nito. “Sa palagay ko, sa ‘yo talaga nakatak dang mapunta ang puso ng anak ko. If he could have chosen the person to whom he would have given his heart, I think he would have chosen you.”

And he felt the joy in hearing that straight to his soul.



Kabado si Rowan nang iparada niya sa likuran ng isang silver na SUV ang kotse niya.

Oh, God, nandito na 'yung nakatanggap ng puso ni JC.

Noong una siyang kinausap ni Tita Mira na kinontak nga raw ito ng abogado ng lalaki, hindi niya alam kung ano ang mararamdaman. Her first instinct was to say no. It had almost killed her to say goodbye to JC. Hindi niya kailangang makilala ang isang taong magpapaisip lang sa kanya na kahit paano ay nabubuhay pa sa kalooban nito ang boyfriend niya.

Tinanong ni Rowan si Tita Mira kung ano ang magiging desisyon nito. Ang sabi nga ng babae ay gusto nitong makilala si Aiden Lee. Hindi raw iyon dahil hindi nito mapakawalan ang anak kundi dahil

pakiramdam nito, iyon ang magbibigay ng closure sa pamilyang hindi pa lubusang naghihilom mula sa sugat na iniwan ng pagkawala ni JC.

Ganoon naman yata talaga kapag nawala ang isang taong mahal mo. At iyong tulad pa ng pagkawala ni JC sa kanila, there would always be questions that would forever be unanswered.

Bakit? Paano ka dapat namin tinulungan? Ano'ng pagkukulang namin? Ano 'yung dapat naming ginawa o sinabi para hindi mo ginawa 'to?

Iyong makilala si Aiden, iyong makita na may isang taong iniligtas si JC nang piliin nitong kitilin ang sariling buhay, baka iyon na ang magbigay ng peace of mind sa pamilya.

It took her longer to agree pero pumayag na rin siya. Siguro nga kailangan nila itong lahat.

Matapos makaipon ng lakas ng loob, bumaba na si Rowan ng sasakyan. Hindi na niya kailangang mag-doorbell. Second home na niya ang bahay na ito. Elementary pa lang siya, may sarili na siyang susi sa front door.

Walang tao sa sala pero naririnig niya ang mga tinig mula sa dining room. Huminga siya nang malalim saka pumunta roon.

“O, ayan na pala si Rowan!” puna ni Tita Mira na tumayo para salubungin siya. Ngumiti siya sa lahat pero hindi kaagad tiningnan ang lalaking tumayo na rin mula sa mesa. Naroon ito sa puwesto ni JC.

“I’m sorry po. May inasikaso lang akong late delivery sa restaurant kaya hindi ako nakaalis

kaagad.”

“It’s all right,” sabi ni Tita Mira. “Hindi pa naman kami tapos kumain.”

Binati muna ni Rowan ang lahat hanggang sa wala na siyang choice kundi tingnan ang lalaki dahil ito na lang ang hindi pa niya binabati.

The first thing she noticed were his eyes. Katulad ni JC, singkit din si Aiden. It had been the first thing that attracted her to JC, chinito ito. Pero nang pagmasdan niya ang kabuoan ng mukha ni Aiden, she realized they didn’t look anything alike aside from the eyes. And that Aiden was also handsome. His face was a bit longer than JC’s. Mas matangos din ang ilong nito sa ilong ng boyfriend niya. His lips were also a bit thinner than JC’s pero maganda rin ang hugis.

Hindi sila magkamukha pero parang may pagkakapareho sa vibes ng dalawa. O dahil ba alam ni Rowan na narito ang puso ng boyfriend niya? Siguro isa iyon sa ikinatakot niya nang malamang makikilala nila ito noon. She was afraid that he’d remind her of JC.

At 5’8”, JC was also probably an inch or two shorter than Aiden. Mas kayumanggi rin ang balat nito kaysa kay Aiden, and JC usually wore his hair longer and a bit messier. Mas maputi si Aiden at mas maiksi rin ang buhok na kasalukuyang nakaayos sa paraang hindi tumatabing sa noo nito.

Inilahad niya ang palad sa lalaki. Nakatingin lang ito sa kanya na parang nagulat.

“Hi,” sabi niya para kunin ang atensyon nito.

Mabilis na umiling ang lalaki at inabot ang kamay niya. “Sorry. I’m Aiden.”

“Rowan. I’m...” Huminto siya saka itinama ang sarili. “I was JC’s girlfriend.”

“I’m sorry for your loss.”

Ngumiti lang siya saka naupo sa bakanteng puwesto sa tabi nito sa mesa.

“Pinag-uusapan lang namin ‘yung business ni Aiden,” simula ni Tita Mira. “He and his brothers run an online startup where they pair up employers and online freelance workers.”

“That’s good. Maraming naghahanap ng online work ngayon, di ba?”

“Medyo. Mas convenient kasi sa maraming tao.”

Inabot ni Aiden sa kanya ang pinggan ng kanin at saglit siyang natigilan. Noon kasi niya naalala si JC dito. Dahil nakaupo ito sa dating puwesto ng boyfriend, at lagi ring si JC ang nag-aabot sa kanya ng serving plate ng pagkain. Binigyan niya ang lalaki ng maliit na ngiti saka nagpasalamat.

“Si Rowan naman ang manager ng main branch ng restaurant namin dito,” dagdag ni Tita Mira. “Chef din siya, pareho ni JC.”

Sinulyapan ni Rowan ang mga pagkain sa mesa at napuna na mga paborito ni JC ang ulam. Weakness nito ang seafood at paboritong-paborito nito ang sinigang na bangus.

“Mukha pong magaling kayo lahat magluto,” sabi ni Aiden na tinitikman ang sabaw mula sa mangkok

nito. “Ang totoo po kasi mahilig ako sa seafood pero hindi po ako kumakain ng sinigang na isda pero ito po, napakain ako. Masarap po kasi talaga.”

Nakita naman ni Rowan na sincere ang ibinigay na papuri ni Aiden kay Tita Mira dahil halata ang enjoyment ng lalaki sa kinakain nito. Namula ang mga pisngi ng mommy ni JC.

“Thank you. Mahilig lang din kasi talaga kaming kumain dito lahat.”

Inobserbahan ni Rowan ang lalaki habang kumakain sila. Ang unang impression niya ay magalang ito at medyo mahiyain dahil mas madalas na naghihintay ito ng magtatanong dito kaysa magsimula ng bagong usapan. But when he spoke, he was articulate and was obviously smart.

Hindi mapigil ni Rowan na ikumpara ito at si JC kahit hindi dapat at wala namang dahilan. Hindi porke narito na ang puso ng boyfriend niya ay malilipat din dito ang personalidad ni JC. Isa pa, she'd only been in the same room with him for less than ten minutes. Lahat ng alam niya tungkol dito ay base sa first impression.

Sa ngayon, ang masasabi lang niya ay tila mas tahimik ito kay JC dahil daldalerong makulit ang boyfriend niya. Iyon ang dahilan kung bakit hindi nila inakala na may depression ito. Naitago nito nang maigi ang karamdaman hanggang sa hindi nila alam na huli na pala ang lahat.

“Aiden, next month, magbababang luksa na kami. Ibig sabihin ba n'un, anniversary na rin ng

heart operation mo?”

“Opo, Tita. Two months pa po, isang taon na.”

“Maghahanda kami n’un. Bumalik ka rito. Isama mo rin ang pamilya mo para makilala rin namin.”

“Ay, sige po. Gusto rin po kayong makilala ng parents ko. Matutuwa po sila.”

Nagpatuloy sa pagkukwento si Tita Mira tungkol kay JC, at nagpatuloy sa pagkain si Rowan. Sige na, makipagkilala na sila sa pamilya ni Aiden kung iyon ang kailangan ng pamilya para maipagpatuloy na nilang lahat ang paghilom.



Ilang oras silang nagkuwentuhan kung saan ipinakita yata nina Tita Mira ang lahat ng pictures ni JC kay Aiden mula noong ipinanganak ito hanggang sa huling selfie ng lalaki sa phone nito na pina-print nila. Ikinuwento rin ng babae ang buong childhood ng anak nito at ni Rowan.

“Gaano katagal kayo ni JC?” tanong ni Aiden sa kanya.

“Fifteen years.” Natawa si Rowan nang halatang nagulat si Aiden sa sagot niya. “We’ve known each other since we were three years old and we’ve been together since we were twelve.”

JC had been twenty-seven when he died.

“Ang tagal n’yo pala.”

“Oo, buong buhay namin.”

Maybe it was her tone, but he didn’t ask anything else eventhough he looked incredibly interested.

Kahit naman magtanong ito, hindi yata niya ito masasagot.

Mula nang mamatay ang nobyo, bihira niya itong mabanggit dahil masakit sa kanyang isipin na wala na ang lalaki. Ayaw ni Rowan na magsalita tungkol dito noon dahil ayaw niyang ilabas ang sarili niyang mga emosyon.

Pinili na lang niyang huwag nang magkuwento tungkol sa lalaki. Mas madaling hindi na lang masyadong isipin ang nangyari kaysa subukan iyong i-rationalize. He did what he thought would be best for him in the end. Hindi na niya kailangang unkgatin pa ang lahat dahil sa kanya, hindi na iyon mahalaga.

Nang magpaalam si Aiden matapos ang isa pang oras, inihatid nila ang lalaki sa sasakyan nito sa labas.

“S’abi kasi sa ‘yo, dito ka na matulog,” ani Tita Mira matapos yakapin ng lalaki. “Anong oras naman na o? Anong oras ka pa makakauwi niyan?”

“Hindi na po, Tita. Kailangan ko na rin pong umuwi talaga. Babalik naman po ako.” And he looked so adorably happy that he could come back, and that he was welcome. “Sa susunod na lang po, mas matagal ako rito sa inyo.”

“Next month, ah!” paalala ni Tito Vic nang ito naman ang balingan ni Aiden.

“Opo. Nasa inyo naman po ‘yung number ko. I-text na lang po ninyo sa ‘kin kung ano po ang plano.”

Tumango si Tito Vic saka ito hinila palapit para

bigyan ng isang mabilis na yakap at tapik sa likod. “Ikaw rin. Mag-text ka lang din sa ‘min. Tumawag ka kahit walang dahilan. Lagi kang welcome dito.”

“Salamat po, Tito. Salamat po talaga.”

Nagpaalam na rin ito kina Ate Julie at Kuya Liam. Nang harapin siya nito, binigyan niya ito ng tipid na ngiti.


“It was nice meeting you, Rowan.”

Tumango siya. “You too.”

Matapos ang isang huling kaway, sumakay na ang binata sa kotse nito. Bumusina ito saka tuluyan nang nagmaneho palayo.

He was a nice guy, polite, well-mannered with a dry sense of humor. At nagpakilala ito sa pamilya dahil gusto nitong magpasalamat para sa ikalawang buhay na ibinigay ni JC dito. She had to respect him for that. Kung nakilala rin ni JC ang lalaki, siguro makakasundo ito ng boyfriend niya.

She was comforted by that.



CHAPTER 2

Iatigilan si Rowan nang ang unang-unang taong makita niya pagpasok ng dining area ng restaurant nang araw na iyon ay si Aiden Lee. Dalawang linggo na ang lumipas mula nang magkakilala sina Rowan at Aiden at hindi niya inasahan na magkikita sila bago ang salo-salo na dadaluhan ng pamilya ng lalaki sa isang buwan.

Hindi niya alam kung paano pakikitunguhan ang binata sa totoo lang. She was in a situation in which she'd never thought she'd find herself. Hindi niya alam kung paano aakto. At dahil hindi rin naman niya inaasahang makikita itong muli na walang buffer ng pamilya, hindi niya ito napaghandaan.

Iniisip na niya kung pagtataguan ba niya ito o tatakbuhan pero nakita na siya ni Aiden at nagliwanag na ang ekspresyon sa mukha nito. Wala na siyang choice kundi ang ngumiti rin at lumapit na rito.

Tumayo si Aiden nang marating niya ang mesa

kung saan ito nakaupo at sinalubong siya ng ngiti. “Hi!”

“Hi!” bati na rin ni Rowan. “Ang aga mo ah. Anong oras ka umalis ng Manila?”

“Mga six? N’ung isang araw ko pa kasi naiisip ‘yung weekend buffet n’yo rito kaya eto, pumunta na ako. Would you like to join me for breakfast?”

Sinulyapan niya ang pinggan nito at nakita ang chicken thigh fillet at waffles na naroon. Bigla rin tuloy siyang nag-crave. Normally, kape lang ang almusal niya. Bumalik ang tingin niya sa guwapong mukha ni Aiden at binigyan siya nito ng expectant na ngiting hindi niya matatanggihan. Bumuntong-hininga na siya at ngumiti na rin.

“All right. I’d love to.”

Mas naningkit pa lalo ang mga mata nito nang mas lumaki ang ngiti ng lalaki.

“I’ll just go fix myself a plate,” aniya saka lumapit sa buffet table.

Binati siya ng mga servers na naroon para mag-assist sa mga customers, saka siya kumuha ng sariling pinggan at pagkain. Pagbalik niya sa mesa, may isa nang tasa ng mainit na kape para sa kanya.

“Alam ba nila Tita Mira na nandito ka?” tanong niya ulit.

“Hindi ako nagsabi,” amin ni Aiden. “Nahihiya kasi ako. Baka isipin nila, masyado naman akong nakikipaglapit sa kanila.”

Nilingon niya ito habang naghihiwa ng waffle. “Hindi ‘yun. N’ung pumunta ka, noon ko na lang

ulit nakitang gan'un 'yung ngiti ni Tita Mira. You made them happy.”

“They made me happy, too,” amin ni Aiden. “Alam mo 'yung pakiramdam na parang matagal ko na kayong kilala? Parang ganoon n'ung pumunta ako. It felt like I belonged there, and that I was home.”

“Hindi kaya dahil naaalala kami ng puso mo?” she asked, half-teasing, half-serious.

Nagpatuloy sa pagnguya si Aiden habang pinag-iisipan ang sinabi niya.

“You know, I did some research,” anito mayamaya. “May nabasa ako tungkol sa mga transplant patients na nabago raw 'yung personality pagkatapos ng heart transplant. Meron din akong nabasa tungkol sa cellular memories, na may naka-embed raw na memories sa cells ng organs natin kaya kung i-transplant 'yun, may kasamang mga alaala ng donor 'yung organ na inilipat.”

Biglang nanikip ang dibdib ni Rowan. She was going to have to do a little research about that herself.

“Do you believe that?” tahimik niyang tanong.

“I'm not turning into JC if that's what you're asking.”

Muli siyang tumungo sa pinggan niya. “I don't really know what I'm asking.” Pinagmasdan niya ang chicken and waffles bago may alaalang mabagal na nabuo sa isip niya.

Sinabi niya sa sarili na mas ayaw niyang magkuwento tungkol kay JC kaysa sa gusto niya,

kaya hindi niya alam kung bakit nag-open siya kay Aiden.

“Paborito rin ni JC ang chicken and waffles.” Huminto ang mga kamay ni Aiden sa paghihiwa ng waffles nito. “Natikman kasi niya n’ung pumunta sila sa States n’ung teenager kami kaya pag-uwi, pinilit niya si Tita Mira na i-serve ‘yan dito sa restaurant. Kung titingnan mo sa menu, puwede mong i-order ‘yang meal. It’s called *JC’s Breakfast*.”

Pinagmamasdan na ni Aiden ang pinggan nito na parang noon lang nito nakita ang kinakain.

“Ngayon ko lang ‘to natikman,” sabi ng lalaki. “Pero ilang araw ko na kasing naiisip na gusto ko ng fried chicken at waffles. Hindi ko alam na meron kayo nito sa menu pero n’ung naisip ko na ito ‘yung gusto kong kainin, dito ko agad naisip pumunta.”

“Nabanggit mo noon na hindi ka mahilig sa sinigang na bangus pero kumain ka naman n’ung nasa bahay tayo ni Tita Mira.”

“Ayoko kasi talaga ng isdang may sabaw. Pakiramdam ko buhay na buhay pa ‘yung isda. Lalo na kapag makita ko ‘yung ulo sa sabaw?” Napangiti si Rowan nang magkunwaring nahihintakutan si Aiden. “Nakatingin pa siya sa ‘kin habang kinakain ko siya. N’ung nand’un ako sa bahay nila, nahiya naman akong hindi tikman,” paliwanag nito. “Tapos n’ung natikman ko na, ang sarap n’ung pagkakaluto! Eh di kinain ko na.”

Noon na mahinang tumawa si Rowan. Pinagmasdan niya ang lalaki nang magpatuloy

ito sa pagkain, naghahanap dito ng mga bagay na magpapaalala sa kanya kay JC kung mayroon man. Pareho lang talaga silang singkit. At parehong guwapo...

Dahil buong buhay niya si JC lang ang lalaking nagustuhan niya, thinking that Aiden was attractive made her feel a bit guilty. At nang mapuna kung saan patungo ang kaisipan, mabilis na pinigilan ni Rowan ang sarili. Ba't siya napunta d'un? Hindi pa siya dapat nag-iisip na guwapo ang ibang lalaki.

So she made her decision. Maybe it was time to talk about JC.



Nakinig si Aiden habang ikinukwento ni Rowan ang dating nobyo. Noong una siyang natanong kung gaano katagal ang dalawa bago namatay si JC, nahalata niyang ayaw nitong pag-usapan ang ex kaya hindi na siya nagtanong. Isa pa, hindi kasi iyon ang mahalaga sa kanya nang araw na iyon.

Na-realize niyang kilala niya si Rowan. Pagpasok na pagpasok pa lang nito ng dining room noong araw na iyon, kilala na niya ito kahit hindi sabihin sa kanya kung sino ito. He refused to think that his secondhand heart was making him feel things about its former owner's girlfriend.

When she started talking about her ex, it seemed as if a dam had been broken and the words just spilled out of her. Ikinuwento nito kung paano nagkakilala ang dalawa noong bata pa ang mga ito.

Noong twelve na sina Rowan, nagkabiruan daw ang dalawa na maging mag-boyfriend. At nang mag-fifteen, nagkaseryosohan na at itinuloy na ang relasyon.

She told him about the first time JC had told her he loved her and meant it, the first time they'd kiss. At siguro kung hindi nito na-realize ang sinasabi, she probably would have told him about the first time she had given herself to JC. Huminto ito sa pagsasalita, natawa habang namumula ang mga pisngi saka pinuno ng waffles ang bibig.

While listening to the condensed version of Rowan and JC's fifteen years together, he tried to see past the love he could hear in her voice to get an objective picture of the man she had loved.

Na-insecure siya.

Mabait, masayahin, mapagbiro, mapagmahal sa pamilya at kay Rowan, masipag sa trabaho at mabuting boss sa mga empleyado... Iyon ang nakuha niyang impression. Mabait namang tao si Aiden pero pakiramdam niya eh ang dami niyang pagkukulang kung ikukumpara sa lalaking nagbigay sa kanya ng puso.

“Nakakahiya yata sa kanya na ako ang tumanggap ng puso niya.”

Muli niyang nadama ang tila suntok sa sikhmura nang tingnan siya ni Rowan sa mga mata. There was something about her, something vulnerable and sad, that made him want to hold her to protect her.

“Bakit naman?” nagtataakang tanong ni Rowan.

“Ang bait pala niyang tao. Kung kilala niya ako, baka lagi niya akong napapagsabihan.”

Ngumiti ang babae. “Bakit? Matigas ba ang ulo mo?”

“Naku, oo. Pasaway kaya ako! Lagi akong napapagalitan ng nanay ko. Lagi niyang sinasabi na alam ko na ngang may sakit ako at mahina ang puso ko, sige pa rin ako sa pagtakbo at pag-akyat ng mga puno ng kapitbahay.”

Puno na ng pagkaaliw ang tawa ni Rowan. “Napapalo ka ba n’un?”

“Oo! Naku, lagi akong natsitsinelas ng nanay ko. Malamang si JC hindi napapalo, ano?”

“Hindi ko naalalang napalo siya kahit kailan,” sabi ni Rowan na hawak na ang tasa nito ng kape. “Mabait kasi talaga siyang bata.”

“I’m glad. And I’m glad na mabait din siyang boyfriend sa ‘yo.”

Noon ito nag-iwas ng tingin sa kanya. “He was,” halos pabulong nitong sagot. “That’s why I fell in love with him. I promised him that I’d love him forever.”

“Hindi ka na ba magbo-boyfriend ulit?” pasimple niyang tanong.

Iling ang mabilis na tugon ng babae. “Hindi na siguro. Kasi unfair d’un sa susunod. Alam mo ‘yung kanta ni Katy Perry? ‘Yung *Thinking of You*?”

Mabagal na umiling si Aiden. Hindi kasi siya mahilig sa pop music. Kilala niya si Katy Perry pero hindi niya alam kung ano ang mga kanta nito.

“Basta ‘yun ‘yung pakiramdam kong mangyayari

kung may manligaw sa 'kin. Pakiramdam ko kasi lagi ko nang ikukumpara kay JC 'yung mga susunod. Dapat hindi, pero baka gan'un pa rin ang mangyari. Mas mabuti na 'yung hindi na lang kasi ayoko namang makasakit."

"Eh paano kung may makilala kang iba? Hindi naman kasi imposible 'yun. Paano kung may makilala ka 'tapos gusto mo rin siyang mahalina?" pangungulit ni Aiden.

Nagkibit-balikat lang si Rowan. "Naku, dapat hindi siya seloso. Kailangang tanggap niya na lagi niyang magiging kahati si JC sa puso ko."

"Paano kung tanggap niya?"

Hindi agad nakasagot si Rowan. Kumunot ang noo nito habang nag-iisip. Pero muli rin naman itong umiling. "Kahit martir siya at tanggap niya 'yun, ako naman ang hindi komportable sa gan'ung sitwasyon. Oo, siguro makakakilala pa ako ng ibang lalaki. Pero alam ko naman na magmamahal lang ako ulit kung handa na ako. Kung dumating siya ngayon, baka hindi pa ako ready sa kanya. Kaya sana huwag muna niya akong mahalina ngayon."

Hindi niya alam kung alam ni Rowan, pero parang sa kanya talaga nito sinasabi ang mga sinabi nito.

Okay. Message received.

"Do you want to go out?" bigla niyang tanong.

She gave him a startled laugh. "What?"

Nagkibit-balikat si Aiden saka ngumiti. "Naisip ko lang kung gusto mong lumabas."

Umiling ang babae. “Narinig mo ba ‘yung mga sinabi ko kanina?” natatawa nitong tanong.

Kumurap siya. “Oo.”

“Hindi ‘yun challenge, Aiden.”

Natawa siya at itinaas ang mga palad. “Oo, alam ko! Sorry, sorry, I didn’t mean it to sound like that. Bigla lang lumabas ‘yun. Look, I like you,” amin niya. “I know wala akong pag-asa sa ‘yo ngayon kasi mahal mo pa si JC, and I get that. At bilang respeto na rin sa kanya, I’m not asking you out on a date. I’m asking you out as a friend.”

Humalukip si Rowan at tiningnan lang siya na nakataas ang isang kilay.

“Seryoso! Walang malisya,” giit niya na namimilog pa ang mga mata. “I really want to be friends. Labas lang tayo. Ipasyal mo ako dito sa Tagaytay. Hindi ‘yun date. Parang itong breakfast natin. Hindi rin ‘to date, di ba? Pero okay naman tayo. Nakapag-usap tayo. Ganito lang din ang gusto ko pag lumabas tayo. You can talk more about JC if you want.”

Hindi ito sumagot kaagad pero bumuntong-hininga ito. “Know what? Nakatulong ‘to,” sabi ng dalaga. “I guess I really needed to talk about him.”

“Kita mo na?” masaya niyang deklara. “May maganda pang naidulot ‘tong pagsulpot ko rito.”

She finally relaxed enough to laugh a little. Umiling ito pero nakangiti na sa kanya. “Sige na. Kung gusto mong mamasyal, ipapasyal kita. Pero huwag ngayon. May trabaho ako.”

“Bukas?” he asked hopefully, his face lighting up.

Muling tumawa si Rowan, saglit na nag-isip pero pumayag din. “Fine, sige. Day-off ko naman bukas.” Nagtaas ito ng isang kamay at itinuro siya. “Pero kailangan mong magpakita kina Tita Mira bukas. Magtatampo ‘yun kapag nalaman na pumunta ka rito pero hindi ka dumaan sa kanila.”

“Sige, dadaan ako. Baka hindi nga niya napalo si JC, ako naman ang mapalo. Susunduin na lang kita sa bahay n’yo. Di ba d’un lang ‘yun sa tapat ng bahay nina Tita?”

Tumango ang babae. “Mga ten, okay na? O masyadong maaga?”

“Okay lang. I’ll be there.”

“All right.”

Binalikan nila ang pagkain nila.

Nang matapos silang kumain, tumanggi si Rowan na pabayaran kay Aiden ang breakfast niya. Pumayag siya pero sa loob-loob niya, babawiin na lang niya iyon sa ibang paraan. Bukas na lang sa date nila—hindi pala ‘yun date, mamamasyal lang sila bilang magkaibigan—ililibre niya ito ng lunch saka dinner na rin dahil alam niyang pipilitin niyang umabot sila ng dinner.

Hindi naman sa may masama siyang balak. Kaibigan lang, tropa, barkada. Ganoon lang. Sabi nga niya, walang malisya.

Inihatid siya ni Rowan sa kotse niya.

“Thank you,” sabi niya habang kinukuha ang susi ng sasakyan niya mula sa bulsa. “Sa breakfast, saka sa mga kwento mo.”

“And thank you ulit for listening. Gumaan ‘yung pakiramdam ko kahit paano.”

They smiled at each other for a while, and he was the first to break eye contact. Baka kasi makalimot siya at halikan niya ang dalaga.

“Anyway, sige na. I’ll see you tomorrow.”

“Yeah. Ingat ka pauwi.”

Sumakay na siya ng kotse at binuhay ang makina. Matapos ang isang huling kaway kay Rowan, nagmaneho na siya palabas ng parking lot ng restaurant.

Habang bumibiyaha, naririnig niya sa isip ang mga ikinuwento ni Rowan tungkol kay JC. Noong ikuwento nito ang kabataan, parang nabawasan ang bigat na dinadala nito. Nakangiti ito noon, halata ang pagkaaliw sa magagandang alaala. Narinig din niya ang pagmamahal sa boses nito sa tuwing babanggitin nito ang pangalan ng dating nobyo.

She wasn’t exaggerating. She still loved JC. And surprisingly enough, he didn’t feel bad about that. Wala siyang nadamang selos o inggit sa kabila ng atraksyon niya kay Rowan. Hindi niya makuhanang sumama ang loob sa dati nitong nobyo. Siguro dahil utang niya sa lalaki ang buhay niya at dahil na rin parang kabait-bait ni JC. Siya pa ang magmumukhang masama ang ugali kung sumama ang loob niya sa taong wala namang ginagawang masama sa kanya.


Kaya ganoon na nga lang siguro talaga. Makikipaglapit siya rito nang walang ine-expect

o hinihiling na kapalit. Hindi rin naman kasi niya alam kung saan patungo ang nadarama niya para rito. Ngayon kasi, crush pa lang iyon, puwede niyang pigilan o gatungan, depende sa gusto niyang gawin. Nothing serious, right?

He rubbed over his chest when he felt his heart constrict pero agad din niyang nalimutan iyon dala ng pag-iisip kay Rowan.

Nagpasya si Aiden na kung kailangan nito ng kaibigan, magiging kaibigan siya sa dalaga. Kung iyon lang ang kailangan nito, iyon ang ibibigay niya. Basta ang alam niya, since the day they first met, she already had him.

She would always have him.



CHAPTER 3

Hindi alam ni Rowan kung saan sila pupunta ni Aiden kaya casual lang ang porma niya kinabukasan. Dark gray na button-down blouse na tinupi niya hanggang siko ang mga manggas, jeans, white *Converse* sneakers at messenger bag, ganoon ang porma niya. She felt comfortable. Hindi halatang madaling-araw pa lang gising na siya at namimili na ng isusuot.

Sabi ni Aiden, hindi ito date. Mamamasyal lang sila. Walang expectations. Hindi naman siya ganoon ka-naive para maniwalang walang expectations but for some reason, she trusted him. May kung ano kasi sa mukha nito na parang mapagkakatiwalaan ito.

Saka magaan talaga ang loob niya rito. Pakiramdam ni Rowan pamilyar ito sa kanya. Basta't parang kilala na niya si Aiden. Ayaw niyang isipin na may kinalaman iyon sa puso nito.

Nag-research din siya tungkol sa cellular memory at sa mga instances kung kailan sinasabi

ng mga organ recipients na nagiging kaugali nila ang mga donors nila. Nabasa niya na may ibang nakukuha raw ang personalidad ng mga donors, nagiging paborito ang mga paborito ng mga ito, and in one extreme case, nalipat pa raw dito ang talento ng dating may-ari ng puso nito.

Hindi siya kaagad naniwala dahil pakiramdam niya ay kulang sa scientific basis ang mga kuwento. Parang mas pang science fiction novels kaysa sa totoong buhay. Puwede rin kasing nasa isip na lang iyon ng mga recipients lalo na kung puso ang *tinransplant*. Naniniwala kasi ang mga tao na galing sa puso ang mga emosyon when the truth is that emotions are processed in a person's brain, not the heart. Because all the heart did was pump blood.

Naghihintay na si Rowan sa sala nang marinig ang doorbell. Nakipag-unahan siya sa tatay niya na nagmamadaling lumabas mula sa dining room para silipin ang lalaki sa gate.

“Yan na ba ‘yung date mo?” tanong nito na hawak pa rin ang diyaryo na kanina pa nito binabasa.

“Dad, hindi ko siya date. Magkaibigan lang kami.”

Hindi siya nito pinansin. Sa halip, sumilip ito sa bintana para kilatisin si Aiden.

“Aba, pogi ah.”

Tumawa si Rowan saka binuksan ang front door. Ngumiti si Aiden sa kanya saka napansin ang tsismoso niyang daddy na nakasilip sa pinto.

“Good morning,” bati nito sa kanya mula sa gate

bago itinaas ang isang kamay para kawayan ang daddy niya. “Good morning po, sir.”

“Good morning!” masayahing bati ng tatay niya na kumaway rin sa lalaki. “Nag-almusal ka na? Gusto mo ng kape?”

“Hindi na, Dad!” tawag ni Rowan. “Masyado kaming tatanghaliin!”

“Tingnan mo ‘to! Gusto ko lang magpakilala eh!”

“Mamaya na! ‘Bye, Dad!”

“Hmp!” narinig niyang sabi ng tatay. “Ingat kayo! Huwag kayo papagabi!”

“Dad!” tawa ni Rowan saka mabilis na binuksan ang gate para makalabas siya. Agad niyang hinawakan ang braso ni Aiden para hilahin ito patawid ng kalsada papunta sa sasakyan nito. Nang sulyapan niya ang lalaki, nakikipagkawayan pa rin ito sa daddy niya kaya natawa siya.

“Ayaw mo ba ‘kong ipakilala sa daddy mo?” tanong nito habang pinagbubuksan siya ng pinto ng sasakyan.

“Hindi naman sa ayaw,” simula ni Rowan. Nanatili siyang nakatayo sa tapat ni Aiden, hawak ang pinto ng kotse nito. Tiningala niya ang lalaking nakatingin lang sa kanya. Nagtatampo ba ito? “Teka, gusto mo bang makilala ang parents ko?”

“Oo naman,” agad nitong saad. “Kasi kung magiging magkaibigan tayo, mas maganda kung kilala nila ako, di ba?”

Well, tama ito roon. “Sige, pero mamaya na pag-uwi natin. Kung ngayon kita ipapakilala, baka hindi

na tayo makaalis dahil kukuwentuhan ka n'un nang kukuwentuhan.”

“Ah. Mabuti pa nga. Seryoso ba siya na maaga kita dapat iuwi?”

She grinned at him, amused at how cute he was. Pagkatapos ay sumakay na siya ng SUV nito. “Saan pala tayo pupunta?” tanong niya na nakatingala rito.

“Sa *Sky Ranch*.”



Hindi mahilig sa amusement parks si Rowan. Medyo mahiluhin kasi siya. Ni minsan hindi siya napaapak ni JC sa *Sky Ranch* kahit manlambing, mag-demand at magmakaawa pa ito. Isa pa, hindi na nga siya mahilig sa amusement parks at mga rides, alam pa niyang wala silang gagawin sa *Sky Ranch* kundi pumila nang pagkatagal-tagal para lang sa pagkaiksi-iksing oras na nakasakay sila sa ride.

Matapos ang unang beses na inaway niya ito dahil nainis siya sa kakulitan nito, hindi na siya ulit pinilit o inaya ni JC na pumunta ng amusement park. Pero heto siya ngayon, tahimik na sumusunod kay Aiden habang excited nitong tinitingnan ang mga rides.

Alam na niya ang mangyayari kapag sumakay siya sa isa sa mga iyon. Masusuka siya o kaya ay mahihimatay, and either way, mapapahiya siya. At kasalanan iyon ni Aiden Lee.

Mabilis ang paghinga niya at nanatili siyang tahimik habang parang bata si Aiden na kung anu-

ano ang itinuturo. Hindi ito makapili kung alin ang una nitong gustong subukan.

Maraming tao sa park at karamihan ay nakangiti, masasaya at excited. Makulay rin doon, parang wonderland ng mga bata at kids-at-heart. Nakakaengganyo mag-relax at mag-let go ng problema at mag-enjoy... kung hindi siya si Rowan, the amusement park hater.

Napansin na yata ni Aiden na tahimik siya.

“Okay ka lang ba?” tanong nito, nag-aalala.

“I’m sorry. Hindi kasi talaga ako mahilig sa mga ganito.”

“Ganoon ba?” He sounded disappointed.

Inabot niya ang kamay nito. “Hindi. Okay lang naman. Medyo mahiluhin lang kasi ako. Kung hindi ako sasakay sa mga rides na nakakahilo, I’ll be okay.”

“Hindi, okay lang. Dapat kasi nagtanong muna ako. Puwede naman tayong pumunta sa ibang lugar.”

“No,” iling ni Rowan na natatawa na. Pinisil niya ang kamay nito. “Puwede naman tayong sumakay sa *Grand Carousel*. Okay lang ‘yun sa ‘kin. Saka sa Ferris Wheel. I can handle that kasi mabagal lang ‘yun umikot.”

Pinagmasdan siya ng binata na puno ng concern ang guwapong mukha. “Sigurado ka?”

Sige na. Medyo nagsisinungaling siya d’un kasi kahit siguro hindi umikot ang Ferris Wheel, ayaw niyang sumakay d’un kasi mataas!

She smiled and nodded anyway dahil halatang gusto ng lalaking subukan ang mga rides, and

she didn't have the heart to tell him no. Isa pa, nakonsensya rin siya dahil naging napaka-understanding ng lalaki. Hindi ito nagalit at mukhang sa sarili na-disappoint dahil hindi niya nagustuhan ang pinagdalan nito sa kanya. Kung ibang tao ito, baka isipin nitong maarte siya.

"Sige, sandali lang tayo." Muli nitong inilibot ang paningin sa paligid para pag-aralan ang mga rides. "Takot ka ba sa heights? Is that it?"

"Alam mo, hindi naman talaga." Kaya hindi niya alam kung bakit ayaw niya sa mga rides. "Mas ayoko lang talaga n'ung nakakahilo."

He turned back to her and gave her a bright, happy smile that turned his eyes into adorable slits. "Okay. Sige. Mabuti pa nga unahin na natin 'yung carousel."



Naupo sila sa isa sa mga sleighs imbes na doon sa kabayo. Ipinaubaya na nila ang mga iyon sa mga bata. Noong una, kinabahan pa siya nang magsimulang gumalaw ang ride pero mabilis naman siyang nag-relax. Mabagal ang pag-ikot niyon kaya hindi siya mahihilo. Isa pa, sinubukan siyang i-distract ni Aiden ng mga kuwento nito.

"Bawal kasi ako sa mga amusement parks n'ung bata ako," sabi ng lalaki habang malaki ang ngiti. Halatang ine-enjoy nito ang carousel ride kahit wala man lang iyong thrill. "Alam mo na, bawal sa puso ko. Eh minsan, nagka-perya d'un sa 'min sa

Bulacan. Tumakas kami ng mga kapatid ko saka ng mga pinsan namin.”

Tumawa si Rowan. “Ba’t parang alam ko nang gan’un ang mangyayari?”

Ngumiti lang ito sa kanya at nagpatuloy sa pagkuwento. “Sumakay kami sa ganito na carousel pero mas maliit, saka sa Ferris Wheel. Bawal ako sa roller coaster pero gusto ko talagang sumakay n’un! Mababa lang naman ‘yung roller coaster n’un kasi nga perya lang naman, pero ayaw din talagang pumayag ni Kuya Dennis, ‘yung panganay namin. Ayun, tinakasan namin siya n’ung isa kong pinsan.”

Humalukipkip si Rowan at mas lalo lang lumaki ang pilyong ngiti ni Aiden.

“Safe naman kasi talaga, promise! Mas mabilis pa nga umikot ‘tong carousel kaysa d’un eh!”

“Uh-huh,” sabi lang niya kahit pa naaliw sa kuwento nito at curious na rin sa nangyari. “Nahuli kayo?”

“Oo,” tawa ng binata. “Pero nakasakay na kami ni Miro, ‘yung pinsan kong kinuntsaba ko. Sabi ko kaya ko namang utuin si Kuya pagkatapos. Hindi naman magagalit ‘yun sa ‘kin. Kaya lang ang problema, nasira ‘yung roller coaster! Huminto siya sa taas, sa gitna n’ung track!”

“Hala!”

“Oo! Inabot na ng gabi, hindi pa rin nila maayos. Napatawag tuloy si Kuya sa bahay para sabihing nand’un nga kami sa perya at nakasakay kami ni Miro sa roller coaster nang hindi kasama ‘yung mga

kuya namin. Siguro mga tatlong oras din kami d'un bago kami nakababa. At pagbaba naming dalawa ni Miro, nakaabang na 'yung mga tsinelas ng mga nanay namin!"

"Napalo kayo sa gitna ng perya?"

"Hindi lang d'un! Hanggang sa bahay! Pati si Kuya, napalo. Kasi nga naman, itinakas niya kami 'tapos di niya kami binantayan nang maigi. Bawal kaming lumabas n'un hanggang sa magpasukan."

"Ikaw naman kasi. Alam mo na ngang bawal!" pangaral ni Rowan kahit pa hindi maitago ang pagkaaliw sa batang Aiden na matigas ang ulo. "Paano kung nakasakay ka nga, 'tapos inatake ka naman sa puso? O kung habang nakabaligtad 'yung ride, saka siya tumigil?"

"Naku, hanggang sa kabilang buhay siguro eh hinahabol ako ng nanay ko ng tsinelas," tawa nito. "Pero pangarap ko talaga 'yun n'ung bata ako. Ngayon lang ako nabigyan ng go signal ng doktor ko na puwede ko na 'yung subukan. Saka hindi na rin ako mapapalo ng nanay ko kasi mas malaki na 'yung tsinelas ko sa tsinelas niya."

Muling tumawa si Rowan pero nakonsensya rin siya ulit. Ngayon na nga lang kasi masusubukan ni Aiden ang mga rides, hiniling pa niya na huwag silang sumakay doon sa mga medyo exciting.

Nang huminto ang carousel, tinulungan siya nitong bumaba saka sila naglakad palabas ng barrier. Napag-isip kasi siya. Hindi naman kasi tulad ng ibang amusement parks na extreme ang mga rides

dito sa *Sky Ranch*. Sa totoo lang, kaya lang naman pupunta rito ay para sa magandang view ng Taal kapag nakasakay ka sa mga rides.

Maybe she should try them out? Mukhang safe kasi. Saka iyon nga, wala namang rides na papaikutin ka sa ere na para kang nasa loob ng washing machine saka ka ilo-launch sa outer space.

Sige, she'd try to be a little more adventurous.

Nang piliin niyang sumakay sa roller coaster, tinanong ni Aiden kung sigurado siya. She took a deep breath and said yes. Sabi kasi 'kiddie roller coaster' daw iyon. Hindi naman siguro siya mahihimatay kung puwede sa mga bata ang roller coaster, hindi ba?

Still, she ended up clutching Aiden's hand through the ride kahit hindi naman ganoon kabilis ang takbo nito at hindi ganoon kataas ang mga drops. Bawat segundo pa rin niyang kinuwestyon ang lahat ng naging desisyon niya sa buhay na nagdala sa kanya sa sandaling ito.

"Mas mababa 'to kaysa d'un sa nasa perya noon pero ayos lang!" masaya nitong sabi nang makababa sila. "Na-miss ko tuloy 'yung mga pinsan ko."

She blew out a long, slow breath.

"Okay ka lang?" nag-aalalang tanong ng lalaki habang pinagmamasdan siya.

"Yeah, okay lang," ani Rowan. "That wasn't so bad, actually." Saka siya ngumiti na tila nagulat sa naisip. "Yeah. That wasn't so bad."

"Bakit ka ba kasi takot sa mga rides?"

“Hindi ko talaga alam,” amin ng dalaga habang naglalakad sila. Hindi niya alam kung alam nitong hindi pa rin siya nito binibitawan. At hindi niya rin alam kung bakit hindi pa niya hinihila palayo ang kamay niya. “Wala naman akong childhood trauma sa mga rides eh. Wala rin akong naaalalang may nangyaring masama sa ‘kin sa amusement parks. Hindi ko talaga alam.”

“Hindi ba kayo nagde-date ni JC dito?”

Tiningala niya si Aiden, nagulat nang ma-realize na hindi pa niya naiisip si JC mula kanina nang pumasok sila rito. It was probably the first time in her life that that had happened. Wala ni isang minuto sa buhay niya na wala sa isip niya ang nobyo.

Umiling si Rowan. “Lagi siyang nag-aaya sa mga amusement parks pero hindi talaga ako sumasama. Isang beses, inaway ko na talaga siya kasi nakulitan na ako. Inaaya niya ako rito. So daig mo pa siya kasi ikaw, sinamahan kita rito.”

“Actually, I think napasama ka kasi na-kidnap kita?” anito na nakangiti. “Parang gan’un din ‘yung ginawa ko d’un sa pinsan ko n’ung hinatak ko siya papunta sa roller coaster eh. Hindi na siya nakapalag.”


Tumawa na siya saka pinisil ang kamay ng binata. “Well, I’m really surprised but I’m enjoying myself.”

He swung their clasped hands between them and gave her one of his adorable smiles. “And I’m glad you are.”

She smiled back at him. Hindi niya ito nagawa kasama ni JC kahit pa gustung-gusto ito ng nobyo. Ayaw niyang banggitin kay Aiden pero naisip niyang narito ngayon ang binata dahil idinikta ito rito ng puso ni JC.

Yes, it was fanciful, but she couldn't help but think about all those people who claimed to have gotten the memories of the people whose hearts they received.

Hindi niya alam kung ano ang nagtulak kay Aiden na pumunta rito but she was glad he took her here.

A decorative wreath frame made of intricate, symmetrical scrollwork and floral patterns. The words "CHAPTER 4" are centered within the wreath in a bold, serif font.

CHAPTER 4

Ikinagulat ni Aiden nang sa *Jollibee* mag-aya si Rowan. Inaasahan kasi niya na sa sosyal na restaurant nito gustong kumain, pero ang sagot ng babae ay dahil sa sosyal na restaurant na raw ito nagtatrabaho, minsan talaga gusto lang nito ng *Chicken Joy*.

Nasa kalagitnaan na sila ng kuwentuhan nang biglang may nabanggit si Aiden.

“Alam mo, I never asked how JC died.”

Natigilan sa pagkain si Rowan. Bigla siyang nagsisi na binanggit niya iyon sa gitna ng fried chicken na dati ay literal na controlled substance pagdating sa kanya. Bantay-sarado kasi talaga siya ng lahat pagdating lalo sa pagkain. Pag masama sa puso, bawal sa kanya. Di niya alam kung paano siya nabuhay nang halos tatlong dekada na Omega 3 lang ang kinakain.

Pero ayun na nga. Kung mawalan ng ganang kumain ang babae, kasalanan niya.

Umiling siya. “Know what? Never mind. Okay lang naman. Forget I asked.”

Hindi na nga binanggit ni Rowan si JC mula nang mapag-usapan nila ito kanina, siya naman ang nag-open ng topic. Iba na lang ang pinag-usapan nila pero alam niyang nasira na niya ang mood. Nag-aya na ito at kaagad umalis nang maubos niya ang sundae niya.

“May I drive?”

Ikinagulat ni Aiden ang tanong nito pero hindi siya tumanggi. Inabot lang niya rito ang susi ng sasakyan.

Tahimik ang babae habang binabagtas nila ang highway pabalik sa subdivision. Dinaanan nila ang restaurant ng mga Cardenas. Bukas pa iyon at halos puno pa ang parking lot.

Mayamaya, iniliko ni Rowan ang kotse sa isang medyo makipot na daan na naiilawan lang ng mga lightposts na medyo malayo sa isa’t isa. The road opened into a wider, grass-covered space with a gazebo and scattered benches that overlooked Taal Lake. Kung araw siguro, tanaw doon ang Taal Volcano.

Inihinto ni Rowan ang kotse saka ito matagal na natahimik, pinagmamasdan lang ang madilim na lawa. Nanatili rin siyang tahimik, hinihintay lang itong magsalita.

“What do you know about how JC died?”

“Wala silang sinabi sa ‘kin.”

Hindi siya nilingon ng babae. “So hindi mo talaga alam?”

Umiling si Aiden. Actually, may hinala siya pero hindi niya alam kung saan galing, kung paano niya naisip at kung gaano kalapit sa katotohanan ang hula niya. Gusto niyang marinig mula kay Rowan.

Nilingon siya nito. “Sasabihin ko sa ‘yo ‘yung buong kuwento dahil pakiramdam ko, kailangan mo ring malaman ang totoo. Pero ang gusto ko lang eh sana subukan mo siyang intindihin. Huwag mo siyang husgahan.”

Tumango si Aiden. Kahit hindi pa sinasabi ni Rowan, sigurado na niyang tama ang hinala niya.

“It was suicide, wasn’t it?” tahimik niyang tanong.

Tumango si Rowan.

“He’d been battling depression for years but he never told us.”

Parang may kamaong pumisil sa puso ni Aiden sa deklarasyon na iyon ng babae.

Pinunasan nito ang luhang nagsimula nang tumulo mula sa mga mata nito. “Masayahin kasi siya. Palatawa, palabiro. Parang walang problema. He was such a bright and happy soul. None of us knew what was going on until it was too late.”

Sumunod siya nang bumaba si Rowan ng sasakyan. Naglakad ang babae palapit sa gilid ng bangin at huminto mga five feet bago maabot ang railing.

“This was where we found him,” sabi nito at niyakap ang sarili. Nakatingin ang babae sa malayo na parang walang nakikita. “Ipinarada niya ‘yung

kotse niya dito, plugged the exhaust, and kept the engine running.” Huminga ito nang malalim at nang magpatuloy ito sa pagsasalita, nangangatal na ang tinig nito. “Nag-text siya sa ‘kin n’un. Nagso-sorry siya. Sabi niya mahal na mahal niya ako but I deserve someone who wasn’t broken.”

Kinuha nito ang telepono mula sa bulsa. Binuksan nito ang messaging app at hinanap ang mensahe. Binasa iyon ni Aiden nang iabot nito sa kanya ang telepono.

I love you. I love you with every beat of my heart, Row. But you deserve better than someone who's broken inside. Be happy. Love again. Live your life. I want to leave knowing that you will be okay. You're the last person I will be thinking of, and the last person in my heart. I love you, Rowan. I love you.

“It only took us twenty minutes to get here after I received the text. But his heart had stopped and he wasn’t breathing anymore. They gave him CPR until we reached the hospital but he never regained consciousness. He was declared dead twenty-two minutes after we found him.” Hindi nito napigilan ang paghikbi. “Kung mas mabilis lang sana ako. Kung hindi ko na lang siya pinayagang umalis—”

Inabot niya ang kamay ng dalaga. “Huwag mong sisihin ang sarili mo.”

“Hindi ko ba kasalanan?” mapait nitong tanong. “I’ve been his girlfriend for fifteen years and I never knew he had depression. Sabi ng ibang tao he should have told us. He should have opened up about it. He

should have asked for help. But the point is he didn't. He didn't know how to ask for help. He chose to cope with his illness alone.

“Mas madaling sisihin ang sarili ko kasi hindi ko nakita. Kahit itinago niya, hindi ba dapat mapansin ko ‘yun? Araw-araw ko siyang kasama. Saka ayoko siyang sisihin, Aiden. Ayokong sabihing mali siya. It was hard enough for him when he was alive, thinking that everything he did was an inconvenience to everyone else. Saka ko pa ba iisipin ‘yun n’ung namatay na siya? He suffered enough when he had been alive. I just wanted him to finally find peace.”

Umiling si Rowan. “Hindi ko alam kung ano ‘yung pinagdaanan niya, kung gaano ‘yun kahirap. I only found out how hard it had been for him from the journals we read after he passed. I’ve never had depression. And I hope I never experience it. But for someone like JC who was the strongest person I knew, feeling his pain through his words, pain that you had no idea he was going through, it doesn’t seem right to be angry at him after he did what he did.”

She released his hand and wrapped her arms around herself. “Pero ang hirap. Ang hirap-hirap kahit akuin ko ‘yung pagkakamali. Sabi kasi niya mahal niya ako pero ginawa niya ‘yung isang bagay na pinakamakakasakit sa ‘kin. Iniwan niya ako. Hindi niya ako binigyan ng pagkakataong makausap siya. Hindi siya nagsabi sa ‘kin. Hindi siya naniwala na gagawin ko ang lahat para tulungan siya.”

Her words started to come faster, her voice,

louder, as a year's worth of pain and anger escaped her tight control. "Sumuko siya. Sumuko siya na hindi nanghihingi ng tulong sa 'min. Hindi siya naniwala na mahal namin siya. Hindi sapat na mahal namin siya."

She tightened her arms around her middle and bent down as if her stomach was hurting. Hinila ni Aiden si Rowan at mahigpit itong niyakap. Nagsimula itong humagulgol. She fisted her hands on his shirt and cried against his chest.

"I hate you for that," sabi nito habang kinakabog ang puso niya na dating pagmamay-ari ng nobyo nito. Alam niyang hindi siya ang kausap nito kundi si JC. "I hate you. I love you. I'm so sorry. I'm so sorry I failed you. I miss you. God, I miss you. I miss you so much."

Then she started to sob uncontrollably. Hinigpitan ni Aiden ang yakap sa babae. Hinaplos niya ang buhok nito at hinalikan ito sa tuktok ng ulo.

"I'm sorry. I'm so sorry," aniya na hindi alam kung sino na sa kanila ni JC ang nagsasalita.

His chest tightened and his heart ached for her, and for JC, who had lost all hope that the only escape he could find was in death.


He cupped Rowan's face and lowered his head to kiss her tears away. Her arms lifted to his shoulders as she continued taking gasping breaths. She let him kiss her on her forehead, her eyelids, her wet cheeks. At nang sa wakas ay halikan niya ito sa mga labi, hindi ito tumutol.

He wrapped his arm around her waist, drew her closer and slid one hand up her back until he could cup her nape. She tightened her own arms around his shoulders, pressing herself against him.

He could taste the sweet softness of her mouth beneath the salt of the tears on her lips. It was both familiar and new. He kissed her harder to try to take her pain into him.

When her lips parted on a moan, he tilted his head to one side and slid his tongue into her mouth to taste her fully. She kissed him back, her own tongue sliding against and around his with sweet shyness and tender longing. Her head fell back and he felt her body go lax until his strength was the only thing that was holding her up.

Nang sa wakas ay mag-angat siya ng ulo para pagmasdan ito, nanatiling nakayakap si Rowan sa kanya, nakatingin lang sa kanya na parang may hinihintay. He pressed his forehead to hers. Nang hindi ito tumutol, muli niya itong niyakap. Bumalot din ang mga braso ni Rowan sa kanya at hinayaan lang siya. He kissed the top of her head as he cradled her against him beneath the star-studded sky.

A decorative wreath frame made of intricate, symmetrical scrollwork and floral patterns, surrounding the chapter title.

CHAPTER 5

Aminin ni Rowan na nakatulong sa kanya ang pag-iyak nang gabing iyon. Napakatagal naman kasi niyang pinigilan ang mga emosyon dahil ayaw niyang ipakitang galit siya, itinago niya ang sama ng loob hanggang sa napagtanto na lang niyang hindi pa pala niya lubusang napapatawad si JC.

Isa pang nangyari nang gabing iyon na hindi niya maalís sa isip ay ang mga halik ni Aiden. Iba kasi iyon. It was hot and new and exciting, and it made her heart race and everything inside her burn and melt in unexpected desire. Kasabay niyon, siyempre, ay ang guilt dahil sa kauna-unahang pagkakataon, nadama niya iyon para sa ibang lalaki at hindi sa kanyang boyfriend.

Mula rin kasi ng gabing iyon, napansin niyang nabawasan na rin ang oras na naiisip niya ang dating nobyo. Napapansin na lang niya ngayon na si Aiden ang iniisip niya. Kapag nag-text ito o kaya

ay tumawag sa kanya, hindi na siya nagugulat dahil hinihintay niya ang text o tawag nito. Ito na ang laman ng isip niya. Naging close sila nang hindi niya sigurado kung paano.

Nagsimula iyon sa tawag nang makauwi na ito sa bahay matapos siyang ihatid galing sa viewdeck. Naging good morning texts, tanung-tanong ng *'Kumusta ka na? Kumain ka na?'*, iyong mga high school na linyahan pero nakakakilig pa rin. Napansin na lang niyang matagal na silang mag-usap sa telepono, pagkatapos ay bigla-bigla na lang itong susulpot sa restaurant para sabay silang kumain. Considering taga-Mandaluyong ito at bibiyahe ng ilang oras para lang sabayan siyang kumain.

Kung nagbago ang tingin ni Aiden kay JC matapos nitong malaman na suicide ang ikinamatay ng heart donor nito, hindi niya iyon nakita. He remained understanding and respectful of his memory. Iyon ang dahilan kung bakit hindi nagdalawang-isip na si Rowan na ipagpatuloy ang pakikipagkaibigan niya sa binata.

Nakilala na rin ng mga pamilya nila ang isa't isa kanina nang dumating ang mga Lee sa bahay ng mga Cardenas para i-commemorate ang death anniversary ni JC at ang anniversary ng pangalawang buhay ni Aiden. Agad na nagkapalagayan ng loob ang dalawang angkan, at maging ang mga magulang ni Rowan ay agad na nakasundo ng mga Lee.

Ipinakilala siya ni Aiden sa Kuya Dennis nito na gaya ng lalaki ay matangkad, guwapo at chinito, na

may dimple sa isa nitong pisngi na lumitaw nang bigyan siya ng isang matamis na ngiti. Kasama nito ang fiancee nito na si Eloisa na isang maganda at simpleng babaeng magiliw na nakipagkamay sa kanya. Nakilala rin niya si Andrew na nakababatang kapatid ni Aiden na matangkad, guwapo at chinito rin, at may dimples din sa magkabila namang pisngi.

Pumunta muna sila sa sementeryo para dumalaw sa puntod ni JC bago bumalik sa bahay para magtanghalian. Nagkuwentuhan ang kanilang mga magulang na parang matagal nang magkakilala.

Napag-usapan din nila ang Internet startup business ng mga Lee kung saan si Kuya Dennis ang CEO, si Aiden ang head ng IT department at si Andrew ang bahala sa finance. It worked for the three of them. Really well, if the articles she'd read were to be believed. Their startup was currently a multi-million peso company. Sa kabila niyon, nanatiling humble at down-to-earth ang magkakapatid.

Halata ring close ang tatlo sa isa't isa, sa kung paano magbiruan at magkulitan ang mga ito, at sa kung paano makitungo sa isa't isa.

"Psst, tama na 'yan," pabulong na saway ni Dennis kay Aiden nang muling dumukot ng balat ng lechon ang lalaki sa tabi niya.

"Di naman sa 'kin. Gusto pa raw ni Rowan," pasimpleng sabi ni Aiden bago sa pinggan niya ibinaba ang hiwa ng lechon na nasa tinidor nito. Natawa silang mga nakarinig.

Sumilip ang fiancee ni Dennis na si Eloisa sa

kanya mula sa kabilang banda ng lalaki.

“Rowan, may ipinagmamalaki si Aiden sa ‘min na super sarap daw na chicken and waffle galing sa restaurant ninyo,” anito. “Baka naman puwede mong i-share ‘yung recipe n’ung fried chicken. Unless family secret ‘yun or something.”

Magiliw siyang ngumiti sa babae. “Puwede naman. Simple lang naman kasi ‘yun. Buttermilk fried chicken lang siya na may mix ng spices. Ii-email ko sa ‘yo ‘yung recipe.”

“Yay! Thank you.”

“Mahilig ka bang magluto?” muli niyang tanong kay Eloisa na nakasilip pa rin sa kanya.

“Ngayon lang ako nagta-try,” sagot ng babae na tumungo sa sarili nitong pinggan nang salinan iyon ng fiance nito ng isa pang slice ng roast beef. “Hindi pa naman sumasabog ‘yung kusina namin at di pa nalalason si Dennis kaya malakas ang loob kong mag-try.”

Nang banggitin nito ang pangalan ng nobyo, automatic na tumaas ang kamay nito para haplusin ang pisngi ng lalaki at automatic ding lumabas ang dimple ni Dennis nang ngumiti ito sa nobya.

Nakadama si Rowan ng pagkuyom ng sikmura niya. Na-miss kasi niya iyon, iyong ganoong sweetness, iyong closeness sa isang lalaki. Na-miss niya iyong automatic na kapag inabot niya ang kamay niya—

Nagulat pa siya nang bumalot ang mga daliri niya sa pupulsihan ni Aiden. Hindi niya namalayang

ikinilos pala niya ang kamay. Pero hindi para kusang abutin ang kamay ng lalaki, kundi para pigilan ito nang subukan nitong tinidorin ang inilagay nitong lechon sa pinggan niya kanina dahil inilayo na ng kuya nito ang serving plate.

“Akala ko ba akin ‘yan?” tanong niya sa lalaki.

Pilyong ngumiti si Aiden. “Eh, kukunin ko lang sana para lagyan ng sarsa para sa ‘yo, ikaw naman.”

Binitawan ni Rowan ang pupulsuhan nito saka inabot ang bowl ng spicy tuna salad. “Yan ang kainin mo. Mainam ‘yan sa puso.”

“Mainam sa puso kung rabbit ka,” bulong-bulong ni Aiden pero pumayag itong maglagay siya ng gulay sa pinggan nito.

Sa tapat nila sa mesa, hindi niya namalayang nakangiti pala sa kanila ang mga magulang ni JC.



Lumipat sila sa living room matapos ang tanghalian kung saan sila nagkape at nagpatuloy sa kuwentuhan.

Tawang-tawa si Dennis nang sabihin niyang ikinuwento ni Aiden sa kanya ang tungkol sa adventures ng mga ito sa perya. Pagkatapos niyon ay binigyan niya ng cooking tips si Eloisa na halatang gusto talagang matutong magluto. Sina Andrew at Aiden naman ay mabilis na nakasundo ng bayaw ni JC, at agad na nag-usap ang mga ito tungkol sa investments at stocks.

Nang tumayo si Rowan para iligpit ang mga

platito na pinagkainan nila ng dessert, tumayo na rin si Aiden para tulungan siya. Pagkatapos ay inaya siya nitong lumabas sa hardin. Dahil seryoso ang lalaki at mukhang may gustong pag-usapan, agad siyang pumayag.

Pinagbukas siya nito ng pinto at lumabas silang dalawa. Nauna siyang naupo sa kahoy na bangko sa teresa at naupo si Aiden sa tabi niya. Tanaw mula sa garden ang siyudad sa ibaba.

“Nakakatuwa ‘yung mga pamilya natin, ano?” tanong nito. “Magkasundong-magkasundo sila kahit kanina lang sila nagkakilala lahat.”

“Napansin ko rin ‘yun,” sang-ayon niya na excited ang tinig. Binalingan niya si Aiden na lumingon sa kanya. “Alam mo naman si Daddy, talagang mahilig sa tao ‘yun, pero si mommy ko, mahiyain. Pero narinig mo ba kung gaano siya kalakas tumawa sa mga kuwento ng mommy mo?”

“Nanay ko rin medyo suplada ‘yun pero nagpaplano na siyang makipagkita sa mommy mo saka kay Tita Mira sa isang linggo para mag-Divisoria.”

“I’m glad they’re getting along,” she said.

“Ako rin.”

Saglit silang natahimik habang nakatingin sa malayo.

“May gusto sana akong hingin. Well, hindi hingin. That’s not the right word.” Tumingin ito sa itaas habang nag-iisip. Muli itong natahimik bago mahinang tumawa at muli siyang nilingon. “May

gusto akong ipagpaalam.”

Mabagal na tumango si Rowan. “Okay.”

He blew out a breath. “Gusto kong manligaw sa ‘yo.”

Nablanko ang utak niya nang ilang sandali. Nagpatuloy si Aiden nang hindi siya sumagot.

“Nagka-crush kasi ako kaagad sa ‘yo n’ung una kitang nakita. Kaya lang siyempre kailangan kong i-consider ‘yung relasyon natin. Pinag-isipan ko nang malupit ‘to. Tiningnan ko galing sa lahat ng anggulo, kung tama ba o kung puwede dahil kay JC. Kabastusan ba kung manligaw ako sa girlfriend niya?” He gave her a little laugh.

“Tiningnan ko nga rin kung feelings ba niya ‘tong nararamdaman ko pero hindi eh.” His hand lifted to his chest over his heart. “Akin ‘to lahat. I like you. Ako, si Aiden. Kaya eto, naglakas-loob na akong magpaalam kasi baka mamaya pumayag ka, sayang naman ‘yung pagkakataon.”

She heard the words but couldn’t quite process them yet. Hindi niya alam kung ano ang mararamdaman, o ang dapat niyang maramdaman. Gusto kasi niyang tumanggi. Gusto niyang tumayo at maglakad palayo, iwan si Aiden at bumalik sa dati niyang buhay na si JC lang ang iniisip.

Pero hindi niya mapigilan ‘yung tuwa niya na gustong manligaw ni Aiden sa kanya at sa pag-asa na may isa pang taong gustong magmahal sa kanya kung hahayaan niya ito, isang taong puwede rin niyang mahalín.

Nagsalita ulit si Aiden. “Alam kong mahal mo pa si JC. Sinabi ko naman na sa ‘yo dati na ayoko siyang palitan sa buhay ninyo. I can wait if you need more time. At kung ayaw mo naman, maiintindihan ko rin. Hindi ko ipipilit. It’s up to you.”

She glanced at him. He looked relaxed and was smiling a little, pero mahigpit ang kapit nito sa gilid ng bangkong inuupuan nila, inihahanda ang sarili sa sasabihin niya. Alam niyang rejection niya ang hinihintay nito.

Naisip niyang iyon ang tamang gawin dahil alam niyang hindi pa siya handa. Pero hindi rin kasi siya bigla-bigla kung magdesisyon. At isa pa, hindi siya sinungaling. Hindi niya sasabihing hindi niya naisip ang sinasabi ni Aiden sa kanya.

Ipinatong niya ang isang palad sa kamay ni Aiden na automatic na bumaliktad para maisilid ang mga daliri sa pagitan ng sa kanya. Siya naman ang huminga nang malalim.

“Hindi ko sigurado kung ano’ng gusto ko ngayon,” tahimik niyang saad. “Oo, mahal ko pa si JC. Alam kong mamahalin ko siya habambuhay. But I’m going to be honest with you, Aiden. I like you.”

Namilog ang singkit na mga mata ng lalaki at mabagal na lumawak ang ngiti nito. Mahinang tumawa si Rowan saka nagpatuloy.

“But at this point, hindi ko pa alam kung handa na akong magpaligaw ulit. It’s not a rejection,” mabilis niyang sabi bago pa magbago ang ekspresyon sa mukha ni Aiden. “Kaya lang kasi I gave JC my

whole heart. You deserve the same. Hindi ko alam kung gaano katagal bago ako magiging handa ulit na ibigay ‘yun.”

He tucked her hair behind her ear, then stroked down the length of her neck to her shoulder. “Sabi ko sa ‘yo handa akong maghintay.”

Umiling siya. “Mali kasi, Aiden. Baka masayang ‘yung paghihintay mo kasi baka sa huli, hindi ko rin naman pala kayang makipagrelasyon ulit.”

“Yun naman ang point ng panliligaw, di ba? Para mapag-isipan ng babae kung gusto niya ‘yung lalaki?”

“Pero namimili rin kaming mga babae kung kanino kami magpapaligaw. Kapag nagpaligaw kami, madalas ibig n’ung sabihin kahit paano gusto na rin naman namin ‘yung lalaki. Pag nagpaligaw ako sa ‘yo—”

Hinarap na siya ng lalaki at kinuha ang dalawa niyang kamay. “Alam mo, sa palagay ko naman nakapagdesisyon ka na. Gusto mo rin naman ako.” Napakamasayahin ng tono ni Aiden pero hindi niya nakuhang mainis sa kayabangan nito. “Naiintindihan ko ‘yung nararamdaman mo at kung bakit ka nagdadalawang-isip. Siya,”—pareho nilang alam na si JC ang ibig niyang sabihin—“din ang dahilan kung ba’t inabot ako nang siyam-siyam para magkalakas ng loob na sabihin ‘to sa ‘yo. Pero nararamdaman ko rin naman na kahit paano, may chance ako sa ‘yo.”

Tinaasan niya ito ng kilay at itinaas nito ang isang kamay at ipinakita sa kanya ang maliit na

espasyo sa pagitan ng hinlalaki at ng hintuturo nito. “Maliit na chance pero alam ko meron, kung magiging mabait at matiyaga lang ako. Ikaw na rin ang nagsabi na kapag magpaligaw kayong mga babae, ibig sabihin kahit papaano may gusto na kayo d’un sa lalaki. Kasi kung wala, sasabihin mo naman kaagad sa ‘king wala, di ba?

“Hindi naman ikaw ‘yung tipo ng babaeng magpapakipot dahil lang expected na magpakiipot muna kayo. You’re going to tell me no if you mean no. You’re not going to ask me to wait unless you know I have a chance. Kahit—” muli nitong itinaas ang kamay na nagpapakita pa rin ng maliit na espasyo sa pagitan ng hinlalaki at hintuturo nito, “—lang.”

He got her there. Alam din nilang dalawa na agad nga niya itong babastedin kung talagang ayaw niya.

Umikot ang mga mata ni Rowan pero napangiti na. “Bahala ka na nga. Basta sinabihan na kita.”

Mabilis itong tumango. “Basta maghihintay ako. Okay na sa ‘kin ngayon na malamang papayag kang manligaw ako.”

Bumuntong-hininga siya. “Sige na. Manligaw ka na.”

“Yes!”

“Aba! Kung maka-react parang sinagot na ah!”

Naningkit ito lalo dahil sa ngiti nito. “Practice lang,” sabi ni Aiden sabay akbay ulit sa kanya. Siniko niya ito at tumawa ang lalaki. “Practice lang ulit.”

Umiling siya pero hindi pinigilan ang ngiti. She felt light, hopeful. Naroon ang kaba dahil bago

ito sa kanya pero mas matimbang iyong pag-asa at excitement. Bago kasi talaga ito sa kanya. Pero na-miss niya iyong ganitong nararamdaman, iyong simpleng kilig at tuwa dahil mayroon kang crush, lalo na kung may crush din ito sa 'yo.

Pero si JC...

At iyon ang magiging problema nilang dalawa ni Aiden, ano? Because until she could stop thinking those three words, she knew she wasn't and couldn't give Aiden everything he deserves from a woman he wanted to be with.

But she knew she was going to try to be. Because he deserved nothing less.